*MALAY 36(2) Hunyo 2024, pp. 73-90*

# Ang Gen Z sa Usaping Sex…Bisyo…Barkada… Mga Kaalaman, Karanasan, at Kaisipan ng mga Piling Mag-aaral sa Kolehiyo

## *The Gen Z on Sex...Vices...Friendship... Knowledge, Experiences, and Stands of Selected College Students*

Reneille Joy M. Tayone
De La Salle University, Manila, Philippines
reneillejoy@gmail.com / reneille.tayone@dlsu.edu.ph

Tinalakay sa papel na ito ang danas ng Generation Z na itinuturing bilang *digital natives* na pangunahing pinagkukunan ang Internet ng kanilang malawak na kaalaman at pagiging bukas sa mga radikal na perspektiba. Matapat na tinalakay ang mga isyung panlipunan na mailap pag-usapan dahil sa tradisyonal na kulturang Pilipino at konserbatibong pananaw ng kanilang kinalakhang pamilya. Nailahad din ang naging tugon ng pamahalaan upang masolusyunan ang ilang isyung kinakaharap ng Generation Z dahil sa maagang karanasan at mga naging gampanin ng pamilya upang makaapekto sa desisyong kanilang tinatahak. Tumugon ang piling kolehiyong mag-aaral sa Maynila para hingan ng pananaw o magbahagi ng karanasan tungkol sa usaping aspektong seksuwal at sosyo-emosyonal. Hinati ang pag-aaral batay sa sumusunod: pagbabahagi ng kanilang estado ng relasyon upang maging salik sa kanilang kamalayan at paniniwala o tindig sa panliligaw, pakikipagtalik, aborsiyon, diborsiyo, Sex Education at ilang isyu na kailangang harapin ng bansang Pilipinas. Malaking bahagi rin sa papel ang paglalaan nila ng oras sa kanilang mga barkada at ang presensiyang nararamdaman sa kanilang tahanan. Sa kabuuan, layunin ng pag-aaral na tanggapin ang iba't ibang pananaw upang maiwasan ang diskriminasyon at makita ang progresibong pamumuhay ng Generation Z.

**Mga Susing Salita:** Generation Z; Kabataan; Kaibigan; Kolehiyong mag-aaral; Kulturang Pilipino

*This paper discusses how Generation Z's digital nativity contributes to their vast knowledge and openness to radical perspectives. It aims to delve into different perspectives to avoid discrimination and illuminate the progressive lifestyle of Generation Z. Social issues that are challenging to discuss due to traditional Filipino culture and conservative views within extended families are openly addressed in this paper. Moreover, the government's response to address the problems faced by Generation Z due to early experiences and the family's role in affecting their decisions was also presented in this paper. Selected college students from Manila were the respondents who provided insights or shared experiences on sexual and socio-emotional issues. The research was organized around several key factors, including participants' relationship statuses and how these influenced their views on courtship, intercourse, abortion, divorce, Sex Education, and other issues that Filipinos need to face. The study illuminates the impact of social interactions among Generation Z, emphasizing both the significance of spending time with friends and the depth of presence in their homes. These factors are shown to not only influence their overall well-being but also contribute to issues like depression.*

***Key Words:*** *College students; Filipino culture; Friends; Generation Z; Youth*

Copyright © 2024 by De La Salle University

## Ang Awit ng Gen Z: Pag-asa Ba ng Panahon Ngayon at Kinabukasan?

Higit na nakikinabang sa impormasyong nakukuha sa social media ang Generation Z kaya mas naiimpluwensiyahan sila sa makabago at napapanahong mga pananaw, saloobin, at tindig sa isang usapin. Bilang pag-ugnay sa liriko ng kantang "Awit ng Kabataan," (Ang awit ng panahon, hanggang sa kinabukasan, awitin natin ngayon) ay magkakaiba ang pag-unawa ng mga tao kung nagbibigay ng pag-asa sa panahon ngayon at sa kinabukasan ang Generation Z. Sa katunayan, pinamagatan ni Julien Hajenius ang kaniyang pag-aaral na "Gen Z is Misunderstood by Other Generations" dahil batay sa Global Shapers Survey, 74.3% na respondante ang sumang-ayon na ang Gen Z ay inilalarawan ang kanilang sariling kultura sa halip na masanay silang ilarawan sa nakagawiang mga tradisyonal na pagkakakilanlan (Hajenius). Sa kabila nito, pinamagatan naman ni Ashley Stahl ang kaniyang babasahin na "How Gen-Z Is Bringing a Fresh Perspective To The World Of Work" dahil nakita niya sa mga kliyente niyang mga Gen Z ang pagpapahalaga sa kanilang mga trabaho na may sariling pamantayang moral na pinaiiral (Stahl). Dahil dito, nasipat na nahahati ang pagtanggap ng mga nakatatandang henerasyon dahil sa makabagong kasanayan tinataglay ng Generation Z.

Dagdag pa, maituturing batay sa website na pinamagatang "What is Gen Z" na pangalawa sa pinakabatang henerasyon ang Generation Z na ipinanganak mula sa taong 1996 hanggang 2010. Malaking salik sa kanilang paglaki ang *digital age,* klima, *anxiety, shifting financial landscape*, at COVID-19. Nasipat ang Generation Z bilang *'real digital native'* sapagkat ang kanilang henerasyon ang nakatuon sa mundo ng online upang maging daan sa kanilang paghahanap at pagkakaroon ng trabaho, pamimili ng mga kagamitan o *online shopping*, pagkakaroon ng mabilisang kaibigan, at ang pakikipagrelasyon o *dating* (What is Gen Z). Kung gayon, nasipat na nakatuon ang Generation Z sa mga tin-edyer at edad 20–27 taong gulang batay sa taong 2024 ngunit maaaring pinagsama sa mga mid-20's ang henerasyon ng Generation Z at Millennials dahil dala nila ang impluwensiya at kasanayan na nabubuhay sa pagitan ng dalawang henerasyon.

Sa kabilang banda, maaaring gamitin ngayon ang terminong lalabintaunin bilang karaniwang pantawag sa mga Generation Z. Pahayag ni Javier, tinutukoy ng lalabintaunin ang isang yugto sa buhay ng tao na sumasaklaw sa panahong nagsisimula sa edad na labing-isa at nagtatapos sa labinsiyam. Karaniwan kasi na ginagamit na pantukoy ang katagang *tin-edyer* na hango sa Ingles na *teenager*, o ang edad na tumutugma mula pagkalipas ng pagkabata. Ang edad na ito ay nagsisimula sa *thirteen* o labintatlo. Mahaba nga lang ang bilang ng taon sa lalabintaunin kaysa tin-edyer sapagkat ito ay nagsisimula sa labing-isa (Javier, 44).

Dagdag pa, ipinaliwanag sa artikulong "Pag-ibig (Love), Pagnanasa (Desire): Filipino Adolescents and Sexual Risks" na maaari ding tawagin ang lalabintaunin bilang *adolescence* na inilalarawan din sa tiyak na terminong Filipino na pagbibinata at pagdadalaga. Nangangahulugan ang adolescence na isang punto ng pagbabago mula pagkabata hanggang pagtanda. Naniniwala na sa yugto ng pagbibinata at pagdadalaga natututo ang indibidwal ng mga nararapat na kasanayan na kailangan para harapin ang hamon at pagsubok ng mga mas matanda. Gayundin, higit na ikinategorya ang pagbabago ng adolescence batay sa sumusunod: pagbabagong pisikal/biyolohikal, pagbabagong kognitibo, at mga pagbabagong sosyo-emosyonal (Ujano-Batangan).

Pinahalagahan sa papel ang persepsiyon at pag-uugali ng Generation Z batay sa mga paksang iniiwasan dahil hindi lantarang pinag-uusapan bunga ng mga konserbatibong kaugalian at mga diskriminasyon dahil sa pagkakaiba ng henerasyon na kinalakhan sa Pilipinas. Mas higit na pinaglalaanan ng pag-aaral na ito ang mga kabataan o mga na sa kolehiyo upang maiugnay nila ang kanilang obserbasyon at karanasan batay sa tiyak na usapin sa tulong ng mga naunang pag-aaral at mga nakalap na datos ng mananaliksik. Gayundin, nasipat sa daloy ng pananaliksik ang epekto sa Generation Z ng kinamulatang pamumuhay at reyalidad na nangyayari sa lipunan upang maging pamantayan sa kanilang tindig sa usapin at salik sa pagdedesisyon batay sa praktikal na dapat gawin sa modernong panahon. Kung gayon, sinipat ang Araling Pilipino bilang Lapit-Pananaliksik na kung saan ito ay ang pagsipat at pagdulog na humahantong sa paglilinaw, pagsusuri, at pagpapaliwanag ng mga pananaw, paniniwala at konseptong bumubuo at/o humuhubog sa kaisipan, paghuhusga at pagpapahalaga ng mananaliksik (Nuncio at Morales-Nuncio 170).

Sinimulan ng mananaliksik ang pag-aaral sa impormal na pakikipanayam sa mga kabataan o mga

kolehiyong mag-aaral na kabilang din sa Generation Z na may edad 18 taong gulang pataas. Nagtanong ang mananaliksik ng kanilang pananaw sa tiyak na usapin na karaniwang hindi pinag-uusapan sa kanilang henerasyon at may ilang idinagdag din na impormasyon ang mga nakapanayam na tingin nila na kailangan din pag-usapan para makatulong sa ilang problemang kinakaharap ng bansa, higit na ng kanilang henerasyon. Gayundin, nagsaliksik ang mananaliksik ng dagdag o paglilinaw na impormasyon upang mas maging tiyak at komprehensibo ang layunin ng pananaliksik. Ginamit ang kuwalitatibong pag-aaral bilang pinal na paraan sa kabuuang pagkalap ng datos at sumagot ang mga may edad 18 hanggang 25 taong gulang na kasalukuyang nag-aaral ng kolehiyo sa Maynila. Sa kabuuan, mayroong 118 respondanteng kalahok na sumagot sa online sarbey gamit ang *Google form* at 114 ang edad 19–21 na taong gulang habang apat ang 22–25 taong gulang. Gayundin, batay sa taong akademikong 2023–2024 ay dalawa ang unang taon sa kolehiyo, 27 ang ikalawang taon sa kolehiyo, 84 ang ikatlong taon sa kolehiyo, at lima ang ikaapat na taon sa kolehiyo. Nakahanap ng respondante ang mananaliksik sa tulong ng mga personal na kakilala na nag-aaral sa kolehiyo sa Maynila at pagrereto sa iba pang potensiyal na maaring sumagot sa sarbey. Binigyan lamang ng mananaliksik ng paunang paalala ang mga respondante sa uri ng kanilang sasaguting sarbey at tiniyak na mananatiling pribado ang mga personal na identidad at tanging mga sagot lamang nila ang kinalap sa datos.

## Paglalarawan, Pag-unawa, at Pagtanggap sa mga Katangiang Tinataglay ng Gen Z

Kinikilala din ngayon ang mga kabataan o Generation Z bilang Centennial Generation sapagkat inilahad sa babasahin na "From the Baby Boomer into the Post-Millennial Generations: 50 Years of Change" na umusbong ang mundo ng pagbabago ng siglo sa kanilang henerasyon dahil unang nakilala ang tablet o smartphones. Dagdag pa sa nasabing babasahin, ang Generation Z ay grupo ng mga tao na itinuturing ang Internet na bahagi ng kanilang pagkakakilanlan mula sa kanilang tahanan, edukasyon, at paraan ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao (From the Baby Boomer into the Post-Millennial Generations: 50 Years of Change). Dahil dito, kinilala ang Generation Z na mas tanggap ang mga usapin na mailap pag-usapan sa kulturang Pilipino sapagkat iba ang mga katangian na taglay nila ngayon kung ihahambing sa mga naunang henerasyon. Karaniwang mas naiimpluwensiyahan sila ng mga dayuhang bansa dahil na rin sa panonood ng mga internasyonal na mga palabas, pag-idolo ng mga artista mula sa ibang bahagi ng Asya at buong mundo, at kuryosidad na nais nilang makamtan upang mapasama sa tinatangkilik ng nakararami sa lipunan na kanilang ginagalawan.

Dagdag pa, inilarawan sa babasahin na "What Are the Core Characteristics of Generation Z?" na bagama't mayroong halos magkatulad na katangian ang Generation Z sa Millenials ngunit nasipat na mas naging salik sa mas batang henerasyon ang hustong paghubog ng pamumuhay sa dalawang henerasyon na nagresulta ng pagkakakaiba ng atityud, ugali, at pagtingin sa mundo. Nailahad din sa babasahin ang sumusunod na natatanging katangian ng Generation Z. Una, ang katangiang *diversity norm* na mas bukas sila sa pagkakaiba-iba ng lahi, kasarian, at relihiyon ng mga tao sa mundo. Nailahad din ang iba pang tanggap sa kanilang henerasyon katulad ng pagpapahalaga sa kalagayan ng mga *single-parent* at pagbibigay ng ibang pagpapakahulugan sa ideya ng *gender roles*. Ikalawa, pagturing bilang unang digital natives na ang tiyak na positibong epekto ay ang mabilis na pagkalap ng kaalaman at paglawak ng karunungan sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa online. Sa kabilang banda, ang negatibong epekto nito sa kanilang henerasyon ay ang kakulangan sa lubusang paghubog ng *social skills* dahil sa pagdepende ng komunikasyon sa online. Ikatlo, ang pagiging pragmatika at maalam sa kahalagahan ng salapi sa buhay ng tao. Nasaksihan ng Generation Z habang lumalaki ang kanilang magulang na hirap sa pera at walang seguridad sa kanilang pang-araw-araw na gastusin dahil dito nakararamdam ng *pressure* ang kanilang henerasyon na kailangang magkaroon ng seguridad sa trabaho at maging matagumpay sa kanilang karera.

Ikaapat, naituturing na negatibong katangian ng Generation Z ang pagiging *'loneliest generation'* dahil sa maraming salik na nakaaapekto sa kanilang mental na kalagayan. Dahil maraming oras ang kanilang inilalaan sa paggamit ng mga gadget katulad ng panonood sa online o pag-scroll sa social media account kaya mas malaki ang tendensiya na ihambing nila ang kanilang buhay sa iba. Gayundin, naaapektuhan sila sa kanilang nakikita sa online tungkol sa walang tiyak na solusyon na nangyayari sa lipunan katulad ng pagkontrol sa paggamit ng baril, brutalidad ng pulis, at *climate*

*change*—ilan lamang ito sa nakadaragdag ng *stress* sa kanilang kalagayang pangkaisipan. Ikalima, ang pagiging pangunahing konsumer ng Generation Z sa pagbili ng mga produkto sa online. Malaking epekto sa kanila ang impluwensiya ng kanilang iniidolong artista upang bilhin ang isang produkto at ang rekomendasyon na binibigay ng mga tao sa online upang maipahayag ang kanilang identidad sa lipunan. At panghuli, ang pagiging progresibong politikal ng mga Generation Z na mas matapang nilang naipahahayag ang kanilang tindig sa panlipunang isyu ng mundo. Katulad na lamang ang lubusang pagpapahalaga sa karapatan ng mga kasapi ng komunidad na LGBTQ+ at pantay na pagtingin sa anumang lahi ng isang tao (What Are the Core Characteristics of Generation Z?).

Samantala, mailap pa ring pag-usapan sa pamilyang Pilipino ang paksa tungkol *sex*, *teenage pregnancy*, *sexually transmitted infections* o STI, at *Human Immunodeficiency Virus/ Acquired Immunodeficiency Syndrome* o HIV/AIDS (De Vera, 2019). Gayundin, hindi rin tanggap sa lipunan ang pagsulong sa *same-sex marriage*, *live-in couples*, at iba pang taliwas sa pagturing bilang relihiyosong bansa. Patunay na rito, nagpahayag ng pagkadismaya ang mga obispo ng katolikong simbahan dahil sa muling pagsulong ng pagpapatupad ng batas upang maging legal ang diborsiyo sa Pilipinas (Calleja, 2022). Subalit nakaaapekto pagdating sa usapin ng realidad na pangyayari sa lipunan ang pagbabago ng pananaw ng karamihang Pilipino. Maaari sa malakas na hatak ng impluwensiya ng dayuhang bansa na karaniwang kanilang nababasa o napapanood lamang dahil sa Internet o ang epekto ng mga masalimuot na pangyayari sa buhay ng bawat Pilipino upang mas maging radikal sila sa mga usapin na ito.

Kung gayon, naipaliwanag sa sumusunod na bahagi ng papel ang tiyak na mga usapin sa Pilipinas sa tulong ng mga datos na nakalap batay sa batas na ipinatutupad ng pamahalaan, mga paglalahad ng mga datos na patunay sa kalagayan ng mga Pilipino at sa buong mundo, at pagbabahagi ng tindig at karanasan ng mga piling kolehiyong mag-aaral sa Maynila na pinagtanungan at nagdagdag din ng kaalaman sa mananaliksik. Gayundin, nagmula ang lahat ng mga paliwanag na pahayag sa mga respondante na nagbahagi ng kanilang pananaw at tindig sa mga inilahad na usapin sa datos.

## Mahal Kita Pero Deadma Na Lang Ba?: Ang Usapin at Danas sa Pakikipagrelasyon

Dalawang salita lamang ang ‘mahal kita’ pero minsan mahirap sabihin o panindigan kaya may pagkakataon na sinasarili na lamang ang katagang ‘Mahal kita pero ’di mo lang alam… ramdam… tinitingnan…at dinededma na lang…” Sa katunayan, iba’t ibang reaksiyon, damdamin, o ikinikilos kapag tinanong ang Generation Z kung ‘single ka ba o may boyfriend/girlfriend ka ba?’ Maaaring madaling sagutin ito sa iba ngunit kapansin-pansin na may mga terminong ginagamit ang Generation Z tungkol sa estado ng pakikipagrelasyon o kalagayang emosyonal na nararamdaman sa isang tao. Noon, ginagamit ang salitang MU bilang pinaiksing termino ng *mutual understanding* na nangangahulugang may emosyonal na nararamdaman ang dalawang tao sa isa’t isa ngunit walang tiyak na leybel ang kanilang relasyon. Ngayon, mas nagiging komplikado ang mga termino bilang paglalarawan sa estado ng dalawang nagkakamabutihan. Bagama’t sa kabuuan masasabi na single pa rin ang tiyak na estado ng kanilang relasyon ngunit nabuo ang mga salitang *fling* at *situationship* para bigyan ng ibang pamantayan ang kanilang pagiging single.

Ipinaliwanag sa babasahin na “Types of Situationship” na maaaring magkatulad lamang ang mga salitang *situationship* at *fling* dahil parehong nakatuon sa kaswal na uri ng pakikipagrelasyon ngunit nailahad na mayroon pala itong tiyak na ipinagkaiba. Inilarawan ang situationship na isang uri ng estado ng relasyon na mayroong emosyonal na koneksiyon at *intimacy* na nararamdaman kahit walang tiyak na leybel; samantala, nakatuon ang fling sa masayang sandali at mas pisikal na ugnayan (maaaring iugnay ang pakikipagtalik) ngunit walang personal o emosyonal na koneksiyon (Types of Situationship). Kung gayon, batay sa datos mula sa mga piling respondanteng kolehiyong mag-aaral, tinatayang 50.85% ang single ang kanilang estado ng relasyon habang 16.10% ang single pero mayroong fling o situationship.

Dagdag pa, tinataya mula sa mga sumagot ng naunang datos na 53.42% ang No Boyfriend Since Birth o NBSB at No Girlfriend Since Birth o NGSB na mga terminong ginagamit na may kahulugan na wala pang karanasan sa pagkakaroon ng kasintahan ang isang tao. Nailahad nila ang mga rason sa pagiging NBSB/NGSB na estrikto ang mga magulang at hindi pa p’wedeng

makipagrelasyon hanggang hindi pa tapos sa pag-aaral, hindi priyoridad ang pagkakaroon ng relasyon dahil nakapokus sa pag-aaral, mataas ang ekspektasyon sa hinahanap na karelasyon, at pakiramdam nila ay hindi pa nila nahahanap ang itinuturing nilang "the one." Dagdag pa, may ilan na natatakot makipagrelasyon dahil na rin sa nasasaksihan sa kapaligiran na problema katulad ng panloloko at may mga tao na itinuturing na *asexual* o walang atraksiyon na nararamdaman sa anumang kasarian kaya mas nakatuon sila sa pagkakaroon ng kaibigan. Samantala, 46.58% ang mayroong dating kasintahan at naghiwalay batay sa mga rason na karaniwang naging *toxic* ang kanilang relasyon dahil laging nakatuon sila sa isa't isa, hindi pa buo sa sarili at iba pa ang priyoridad, itinuturing na *puppy love* o mababaw na uri ng emosyon o pag-ibig sa isang tao ang naramdaman, laging nag-aaway, walang tiwala at hindi pa maayos ang sariling emosyonal na estado, nakitaan ng maraming *red flag*, at nagmakaawa sa maling tao. Gayundin, nakaapekto pa rin sa kanila ang pagiging estrikto ng magulang at mataas na pamantayan sa pakikipagrelasyon kaya nakipaghiwalay. Sa kabuuan, may ilan sa kanila na mas nais na lamang ang pagkakaroon ng fling o situationship upang maiwasan ang labis na pagiging seryoso sa relasyon at hindi kinakailangan ng leybel upang walang ekspektasyon sa isa't isa.

Samantala, 38.14% ng mga sumagot na respondanteng kolehiyong mag-aaral ang mayroong kasintahan at 25.42% ang kabilang sa *in a relationship with opposite sex* habang 12.71% ang *in a relationship with same sex*. Batay sa paliwanag ng mga respondante, karaniwang nakilala nila ang kasintahan dahil naging kaklase sa dating paaralan o kasalukuyang pamantasan o magkaibigan muna bago naging magkarelasyon. Gayundin, may pagkakataon na nakilala ang kanilang kasintahan dahil sa *mutual friend* o kaya ay nakilala sa mga lugar na napupuntahan katulad ng *gym* at *bar*. Samantala, kapansin-pansin na marami rin na nakilala ang karelasyon sa online katulad ng *dating app* at *online games*. Kung gayon, naipakita na mas nagiging madali na magkaroon ng kasintahan sa mga Generation Z batay sa kanilang personal na interaksiyon at paglalaan ng oras sa online.

Ibinahagi rin ng mga ilang respondanteng kolehiyong mag-aaral na ang pagtugon sa emosyonal na pangangailangan ng isa't isa ang pangunahing matibay na pundasyon sa relasyon katulad na lamang ng maayos at palagiang komunikasyon, paghahanap ng parehong interes, at *maturity* upang maunawaan ang isa't isa at hindi lamang nakatuon sa romantikong damdamin ng pag-ibig. Paglilinaw pa nila na dapat marunong pa rin magdesisyon para sa sarili at huwag umasa sa karelasyon na ayusin ang mga personal na isyu. Marapat daw na dahan-dahan na maghilom sa mga *trauma* na nararanasan dahil nasa yugto pa sila na kinikilala ang sariling personalidad. Sa kabilang banda, inilahad muli sa datos na 83.33% ang mga in a relationship with opposite sex na legal sa kanilang magulang ngunit mayroon pa rin silang limitasyon na kailangang sundin kaya may ilan silang ginagawa bilang magkasintahan katulad ng pagtatalik na hindi lantad na ipinaaalam sa magulang. Samantala, 66.66% ang mga in a relationship with same sex ang legal sa isa o parehong magulang at ang natitirang 33.43% ang hindi legal sa parehong magulang dahil hindi pa lubos na tanggap o itinatago ang kanilang kasarian.

Batay sa balita ng *Rappler* na pinamagatang "Celebrate 'Kulayaan' with these Pride 2023 events, iniatives," na muling ginunita noong Hulyo 2023 ang taunang pagsuporta at pakikiisa sa *Pride Month* sa Metro Manila na tinaguriang pinakamalaking pagdiriwang ng LGBTQ+ sa Timog-silangang Asya. Napiling tema ng taong 2023 ang 'Tayo Ang Kulayan: Samot-saring Lakas Sama-sama sa Landas' at isa sa nagkaroon ng malaking selebrasyon noong Hulyo 24, 2023 ang Circuit Event Ground, Makati City na dinaluhan din ng iba't ibang kilalang personalidad. Gayundin, nailista sa parehong balita ang iba't ibang organisasyon ng LGBTQ+ sa buong Pilipinas na nakiisa sa okasyon sa kanilang lugar: Angat Kabataan, Antipolo Pride, Aurora Pride Festival, Bahaghari, Catarman Pride, Humanist Alliance Philippines International, Iloilo Pride, JCI Cebu Lakan Bahaghari, JCI Tuguegarao Ybanag, Kahilwayan 2023, KMC Careers, Love Yourself Inc., Naga Pride, O Bar Philippines, Pride PH, Queer Safe Spaces, Suftown Pride, Tarlac Pride, Task Force Kabataan, at UP Babaylan (Rappler).

## Akin Ka Na Lang, Iingatan Ko Ang Puso Mo: Keber o Wit ba ang Panliligaw, Pakikipagtalik, at Peer Pressure sa Generation Z

Maraming nagagawa ang isang tao para sa pag-ibig upang mapatunayan na 'Iingatan mo ang puso niya...Wala nang hihigit pa sa kaniya…at Liligaya ka

sa pag-ibig niya…' Katulad na lamang ng panliligaw na isang kilalang tradisyong Pilipino upang suyuin at iparamdam sa nagugustuhan ang kaniyang intensiyon. Noon ay paghaharana, paggitara, at pagbibigay ng regalo ang paraan ng panliligaw upang pakiligin at ipahayag ang damdamin. Sa ngayon, may ilang patuloy pa rin nagbibigay ng bulaklak o inihahatid at sundo ang niliiligawan ngunit mas napapadali ang panliligaw dahil sa social media na maaaring mag-usap na lamang nang madalas ang nagliligawan.

Naniniwala pa rin ang 85.22% na sumagot sa sarbey na mga piling kolehiyong mag-aaral sa konsepto ng panliligaw dahil dito raw makikita ang sinseridad ng tao sa kahandaan sa relasyon at mapatunayan ang pagiging interesado ng nanliligaw. Sa katunayan, isang yugto raw ang panliligaw upang mas makilala ang isa't isa batay sa paraan ng pagkilos at pag-alam sa mga pananaw at *values* sa buhay. May ilan sa kanila na naniniwala sa murang edad sa konsepto ng 'date to marry' kaya malaking aspekto ang panliligaw para makita ang lalim ng intensiyon ng nanliligaw o nais lamang ng pampalipas-oras. Dagdag pa nila, impluwensiya rin ng nakikita sa social media katulad ng nababasa o napapanood kaya nais nilang maramdaman na kiligin. Iniisip din nila ang paraan ng pagkuwento sa iba ng *love story* o naging proseso ng pag-iibigan upang ipakita na naging seryoso sila sa paghahanap ng kasintahan. Ngunit nilinaw ng ilang respondante na hindi sa paraan na kailangang ligawan din ang magulang dahil mas nakakaramdam ng *pressure* sa pagdedesisyon at may pagkakataon na mas nagugustuhan pa ng magulang ang nanliligaw kaysa kanila.

Samantala, ang katwiran ng 16.95% na mga respondanteng kolehiyong mag-aaral ay hindi sila naniniwala sa panliligaw dahil yugto lamang ito ng pagpapakitang-tao upang mapa-oo ang nililigawan. May paniniwala rin sila na sayang lamang sa panahon ang panliligaw at mas mainam na makilala na ang isa't isa nang may relasyon o leybel upang mas makita ang positibo at negatibong ugali. Gayundin, may ilang bahagi ng LGBTQ+ ang hindi naniniwala sa konsepto ng panliligaw dahil wala ito sa kanilang yugto bilang indibidwal. Sa kabuuan, naniniwala sila na magkakaiba man ang kanilang pananaw ngunit marapat na araw-araw pa ring nagliligawan kahit opisyal nang magkasintahan.

Sinipat din sa pag-aaral na ito ang pananaw sa paraan para kumilala at maghanap ng maaaring maging kasintahan. Batay sa datos, 59.32% na kolehiyong mag-aaral ang nagbahagi na hindi mahalaga ang tiyak na lugar para magkakilala ang magkasintahan. Hindi raw inaasahan at kusa na lamang magtatagpo ang nag-iibigan at hindi dapat limitahan ng lokasyon upang hadlangan ang nararamdaman at sa halip, isaisip daw na mas mahalaga na walang inaapakan na ibang tao. Dagdag pa nila, mas lalong naging madaling humanap ng potensiyal na kasintahan dahil may ilang nagkakakilala sa online katulad ng dating app, online games, o anumang social media account, at may ilang nagiging matagumpay ang relasyon kahit dito nagkakilala. Nilinaw rin nila na dapat mas pagtuunan ng pansin ang samahang nabuo bago ang opisyal na relasyon, ang katapatan sa pagpapakita ng ugali, at ang tunay na nararamdaman.

Sa kabilang banda, mahalaga sa 40.68% na mga respondanteng kolehiyong mag-aaral ang paraan para magkakilala ang magkasintahan dahil inamin nila bilang idealistikong mga tao na nais nilang maging sentimental sa pagbabahagi ng love story nilang magkasintahan. Hindi man daw ito ang kabuuang pamantayan sa matagumpay na relasyon ngunit pinahahalagahan nila ang bahagi ng kasaysayan ng kanilang pag-iibigan at may ilang nahihiyang magkuwento kapag hindi karaniwang pamantayan ang pagsisimula ng relasyon. Dagdag pa, may ilang konserbatibong tao na hindi nais makilala ang kanilang iibigin sa bar o mga lugar na hindi nila pinupuntahan at may ilan na mayroong hindi magandang karanasan sa dating app kaya nagbago ang kanilang pananaw tungkol dito.

Bilang pagpapatuloy, bahagi ng pisyolohikal na pangangailangan mula sa hirarkiya ni Maslow ang hangin, tubig, pagkain, tirahan, damit, pagtulog, at pakikipagtalik (Maslow's hierarchy of needs). Kaugnay nito, nagiging pangangailangan ng ilang Generation Z ang pakikipagtalik sa kanilang karelasyon o mga nakikilalang tao. Dahil dito, naniniwala ang 83.05% ng mga sumagot sa datos na mga kolehiyong mag-aaral na tanggap nila ang kaisipan ng pakikipagtalik muna bago ang kasal o *premarital sex* hanggang nais ng dalawang tao at hindi pinipilit ang kapareha na gawin ito. Paliwanag nila na hindi raw sukatan ng pagkatao ang karanasan sa pakikipagtalik dahil bilang isang indibidwal ay may kuryosidad ang bawat isa na gawin ito bilang bahagi ng buhay at malaya ang tao sa personal na kagustuhan batay sa kanilang pamantayan. May naniniwala rin sa kanila

na sa pakikipagtalik nabubuo ang tiwala sa relasyon at malalaman kung pagmamahal o libog lamang ang nararamdaman. Higit pa, mayroong tao na pisikal ang pagpapahayag ng nararamdaman at hindi mga relihiyosong tao kaya masasabi na hindi malaking isyu pa sa kanila ang premarital sex. Gayunman, kailangan maging responsable at malawak ang kaalaman ng mga karaniwang nakikipagtalik upang maiwasan ang pagbubuntis sa murang edad at pagkakaroon ng HIV/AIDS o iba pang sakit.

Sa kabilang banda, mahalaga pa rin sa 16.95% ng mga respondanteng kolehiyong mag-aaral ang pagsasagawa ng kasal muna bago ang pakikipagtalik dahil sa pagiging relihiyosong tao na pinahahalagahan ang turo ng Bibliya at ang moral na pamantayan ng pamilya tungkol sa paksang ito. Mas naipakikita raw nila ang kanilang pagmamahal sa tao kapag nirerespesto ang kabanalan ng pakikipagtalik at hindi minamadali ang lahat ng mga maaaring gawin ng magkasintahan. Pagpapaliwanag pa ng ilang sumagot, wala silang diskriminasyon sa mga sumasang-ayon sa premarital sex, sa halip, personal lamang na pagpapahalaga sa sagradong pagtingin sa pakikipagtalik kaya iniiwasan nila ang magkaroon ng karasanan dito.

Nasipat sa mga naunang datos ang pagiging malawak sa pag-unawa at pagtanggap ng mga Generation Z sa mga usapin na may kaugnayan sa pakikipagrelasyon. Bunga nito, minarapat ng mananaliksik na alamin ang nararamdaman ng mga sumagot sa datos tungkol sa *peer pressure* sa pagkakaroon ng karelasyon. Nasipat na 20.34% ng mga respondanteng kolehiyong mag-aaral ang naiinggit dahil daw sa mga nakikita sa social media na maaaring kapapanood ng mga palabas o mga magkasintahang mahilig mag-post ng larawan o bidyo. Paliwanag pa nila, nagiging salik din ng peer pressure na mayroong karelasyon ang halos lahat ng kakilala katulad ng kaibigan o kaklase at dagdag pa ang pagtatanong ng estado ng relasyon ng mga magulang o matatandang tao.

Samantala, itinuturing na kalakasan ng 79.66% na respondanteng kolehiyong mag-aaral ang pagiging single dahil malaya silang nagdedesisyon para sa sarili at nakakapagpokus sa kanilang pag-aaral. Napahahalagahan din nila ang pagsunod sa magulang na hindi muna maaaring magkaroon ng kasintahan, kung gayon, mas panatag sila sa buhay na walang itinatago. Paliwanag pa ng ilan na natuto sila sa dating karanasan na nagiging dagdag na suliranin ang dating kasintahan kaya may ilang nawalan ng gana sa pakikipagrelasyon at natatakot na magkaroon ng opisyal na tiyak na estado sa isang tao. Mas pinili nila na makita ang halaga ng pagiging single na kontento at natututo pa bilang indibidwal na mamuhay sa mundo kaya kinokontrol nila ang kanilang damdamin na hindi basta magpaapekto sa nakikita at nangyayari sa kanilang paligid. Anuman, pagpapaliwanag ng mga respondante na hindi dapat sukatan ng identidad ng tao ang pagkakaroon ng kasintahan upang maiwasan na hanapin sa karelasyon ang mga bagay na puwang sa sarili at sikapin na mas matuto bilang indibidwal na tao.

## Habang Tayo'y Magkayakap sa Dilim: Sapat Ba ang Kaalaman at Kahandaan sa Pakikipagtalik?

Ang usaping pakikipagtalik ang isa sa mahalagang paksa na dapat pagtuunan sa Generation Z dahil hindi lantaran na pag-uusapan ngunit kanilang nalalaman o nararanasan kaya maaaring iugnay ang dating sa kabataan ng liriko na 'Halika na at sumiping na sa kama. Lasapin natin ang sarap ng pagsasama.' Batay sa sarbey na binuo ng UP Population Institute (UPPI) na mula sa balita ng *Inquirer*, nailahad na malaking porsiyento sa edad 15–24 taong gulang ang may karanasan sa premarital sex. Nagpatunay rito ang tinatayang 32% na sumagot ng taong 2013 ngunit dahil sa Covid-19 pandemya kaya bumaba ito ng 22% ng taong 2021 (Reyes). Sa kabila nito, naging sapat ang sarbey upang maipakita na nagiging tanggap sa Generation Z ang karanasang ito.

Batay sa sumagot sa sarbey na mga kolehiyong mag-aaral, nasipat na ang mga single o *single but with flings* o *situationships* na 34.25% ang may karanasan sa pakikipagtalik habang 65.75% ang walang karanasan dito. Paliwanag nila, nagawa ito dahil sa bugso ng damdamin o maaaring bunga ng kuryosidad kaya ginagawa ng ilan kahit walang malinaw na estado ang kanilang relasyon. Gayundin, mas nagiging madali ang koneksiyon sa online platform katulad ng dating app na maaaring maging dahilan ng *one night stand* para makipagtalik. Samantala, pagbabahagi ng lahat ng sumagot sa sarbey na kabilang sa *same-sex relationship* na mayroon silang karanasan sa pakikipagtalik. Sa katunayan, may karanasan ang ilan sa kanila sa parehong kasarian na maaari sa dati nilang karelasyon o kaya mga nakilala lamang sa dating app. Nilinaw din ng mga kabilang sa same-sex relationship na nararanasan lamang nila ang pakikipagtalik sa

kaparehong kasarian sa pamamagitan ng *oral sex* o paggamit ng *sex toy*.

Dagdag pa, naibahagi ng mga may kasalukuyang karelasyon sa opposite sex na 70% sa kanila ang may karanasan sa pakikipagtalik na maaaring nagsimula pa sa dating karelasyon o sa mga dating fling o situationship at kasalukuyang karanasan sa kasintahan. Naniniwala ang karamihan sa mga sumagot ng sarbey na isang normal na gawain ng magkasintahan ang pakikipagtalik dahil bahagi ito sa pagtugon ng kanilang pangangailangan. Mahalaga lamang daw sa kanila na tanggap ng magkasintahan na gawin ito nang may respeto at pagmamahal. Samantala, naniniwala ang 30% ng sumagot na walang karanasan kahit na may kasintahan sa opposite sex na banal na gawain ang pakikipagtalik. Pagpapaliwanag pa nila na bagama't may karanasan sila sa pagyakap at paghalik lamang sa kanilang kasintahan ngunit iniiwasan na magdulot pa ito ng mas malalim na pisikal na interaksiyon sa isa't isa. Sa kabuuan, naipaliwanag ng dalawang panig ng sumagot na may paggalang sila sa magkaibang paniniwala upang hindi maging sanhi ng diskriminasyon at tanging may sarili lamang silang pagpapapahalaga tungkol sa pakikipagtalik.

Sa kasalukuyan, walang kabilang sa *live-in arrangement* ang mga sumagot sa sarbey na mga kolehiyong mag-aaral dahil paliwanag nila na kasalukuyang umaasa sila sa pangangalaga ng magulang at hindi pa handa sa ganitong sitwasyon sa murang edad. Ngunit mayroong dalawa lamang na respondante ang nagbahagi na mayroong dating *live-in partner* at isa na kasama ang karelasyon 2–3 araw sa isang buwan o *staycation*. Naibahagi ng mga may dating karanasan na mahirap itong pagdaanan dahil kailangang matutong makiangkop sa ugali ng isa't isa lalo na kapag may hindi pagkakaunawaan. Marapat daw na manatili pa rin ang limitasyon sa personal na oras at panahon upang hindi madaling magkasawaan. Sa kabuuan, hati ang pananaw ng mga respondanteng sumagot sa sarbey tungkol sa usapin ng live-in arrangement dahil maaari raw na mainam ito na paraan bilang *trial and error* sa relasyon. Nakatutulong daw ang *set-up* na ito upang kilalanin ang bawat isa sa kanilang mga kalakasan at kahinaan na tinataglay dahil araw-araw magkasama at nagkakakitaan sa tahanan. Paglilinaw ng mga respondante na mas mahalaga sa kanilang edad ngayon na huwag madaliin muna ang pagsasama ng magkasintahan dahil aminado sila na marami pang dapat unahin para sa sariling kapakanan.

Batay sa Philippine Statistics Authority (PSA) na mula sa balitang *Philstar*, tumaas ang bilang ng live-in arrangement sa Pilipinas dahil mula sa 9% ng taong 2015 ay naging 15% ng populasyon ng taong 2020. Dagdag pa sa datos, noong 2020 naitala na 34.3 na milyong tao sa kabuuan na 86 na milyong Pilipino ang hindi pa nagpapakasal at mas mataas ng 54% sa kalalakihan habang 46% sa kababaihan (Chi). Bilang pag-uugnay, hindi lamang nakatuon sa living arrangement at premarital sex ang dapat malay ang mga Generation Z. Pagpapatuloy, nailahad sa sarbey na binuo rin ng UP Population Institute (UPPI) na mula sa balitang *Philstar* na kapansin-pansin na tumaas ang paggamit ng kondom at iba pang uri ng proteksiyon sa unang karanasan sa premarital sex. Sa katunayan, 25% noong 2013 sa kalalakihan ang gumagamit ng proteksiyon at malaki ang naidagdag nito na halos 68% noong 2021. Gayundin, malaki ang itinaas mula 14% noong 2013 ay naging 57% noong 2021 sa kababaihan na gumagamit ng proteksiyon katulad ng *pills* upang maiwasan ang hindi inaasahang pagbubuntis (Reyes).

Gayunman, patuloy pa rin ang banta ng HIV/AIDS sa Pilipinas batay sa inilabas na *press release* ng *Senate of the Philippines* noong Marso 15, 2023. Nagbigay ng ulat ang HIV/AIDS & Art Registry of the Philippines noong Enero 2023 na 86 na kaso ang edad 19 na taong gulang pababa ang mayroon ng naturang sakit: 79 sa kasong ito ang 10 hanggang 19 na taong gulang habang pitong kaso ang 10 taong gulang. Dagdag pa sa *press release*, naipahayag na umabot na sa 1,454 ang kabuuang bagong kaso ng HIV noong Enero 2023. Sa kabuuan, 1,365 dahil sa pakikipagtalik kaya nagkaroon ng HIV/AIDS, sa mas tiyak na pagsisipat, 998 o 70% ang mula sa mga nakipagtalik sa lalaki kapuwa lalaki, 193 o 13% ang mga nakipagtalik ang lalaki sa babae, at 240 o 17% ang mga nakipagtalik ang lalaki sa parehong kasarian (Senate of the Philippines).

Dagdag pa, nailahad sa babasahin na "Know Your Birth Control: Types of Contraceptives in the Philippines" ang pahayag ng Katolikong Simbahan na 'contraception is corruption' dahil sa pagsasabatas noong 2012 ng dating pangulong Benigno Aquino III ng Responsible Parenthood and Reproductive Health Act (Republic Act No. 10354) o mas kilalang Reproductive Health or RH Law. Sa batas na ito nakatuon ang kahalagahan ng impormasyon tungkol sa pagpaplanong pampamilya, pag-iwas at paggamot sa sexually transmittable infections (STIs), HIV/AIDS, *reproductive tract infections* (RTIs), at iba't ibang uri

ng *birth control methods*. Naibigay rin sa naturang babasahin ang mga pangunahing uri ng *contraceptive* na mayroon ang Pilipinas batay sa sumusunod: Una, kondom para sa kababaihan at kalalakihan na lingid sa kaalaman ng iba na gumagamit din ng kondom ang kababaihan upang maiwasan ang pagpasok sa katawan ng tamod ng kalalakihan. Ikalawa, ang pills na mayroong dalawang uri. Ang *combine oral contraceptives* o mas kilalang pill na kinakailangang inumin araw-araw ng magkakaparehong oras upang mas higit na epektibo habang ang *progestin-only pill* na mayroon lamang itong isang *hormone,* na angkop sa kababaihan para sa hindi makaiinom ng *estrogen* o *mini pill*. Ikatlo, *implant* o kilala rin bilang *nexplanon* na mas inirerekomenda sa mga kabilang sa matagal na panahon sa relasyon dahil nagtatagal ito ng tatlo hanggang limang taon kapag itinurok sa mataas na bahagi ng braso. Ikaapat, *injectable* o *shot* na kilala rin bilang *depo-provera* na itinuturok sa mataas na bahagi ng braso o puwitan at kailangang gawin kada tatlong buwan. Ikalima, Intra-Uterine Device o IUD na epektibo ng halos tatlo hanggang anim na taon na itinatanim sa matris ng babae at maaari rin namang tanggalin kapag nais nang magkaroon ng anak (The Beat Asia).

Sa kabilang banda, batay sa babasahin na "HIV testing and pre-exposure prophylaxis (PrEP) in the Philippines: Where and how?" naging mas tanggap ang paggamit ng mga contraceptive para sa mas ligtas na pakikipagtalik dahil sa aksiyon na ginagawa ng Departamento ng Kalusugan para bumaba ang kaso ng HIV/AIDS sa Pilipinas. Nailahad muli sa babasahin na bukod sa pamimigay ng libreng kondom, hinihikayat din ang paggamit ng Pre-exposure Prophylaxis o PrEP ng mga nagnegatibo sa HIV. Batay sa Departamento ng Kalusugan, 97% epektibo ang PrEP para iwas sa banta ng HIV ang mga taong malayang nakikipagtalik kahit kanino. Maaari itong mabili sa mga *drugstore* o kaya may ilang local government unit ang nagbibigay nang libre. Ipinaliwanag ng Departamento ng Kalusugan na mayroong dalawang paraan upang gamitin ang gamot. Una, kailangan inumin ang PrEP araw-araw nang walang palya upang maging handa sa mga panahon na makikipagtalik. Ikalawa, kinakailangan ng pagpaplano ang pag-inom ng PrEP—dalawang tableta ang iinumin dalawang oras bago ang pakikipagtalik, sunod nito ay isang tableta pagkaraan ng 24 na oras matapos ang pakikipagtalik, at isang tableta muli pagkararaan ng 24 na oras matapos ang na pag-inom ng huling tableta (Health Pilipinas).

Bilang pag-uugnay, 88% ng respondanteng kolehiyong mag-aaral na mga single o single but with fling/situationship ang gumagamit ng proteksiyon katulad ng kondom, PrEP contraceptives, injections, at pills dahil may Polycystic Ovary Syndrome o PCOS na isang uri ng sakit sa obaryo ng babae. Gayundin, sumagot ang 92% na single o single but with fling/situationship na mayroon silang sapat na kaalaman tungkol sa iba't ibang proteksiyon kahit wala silang karanasan sa pakikipagtalik. Karaniwan daw nagmula ang kanilang kaalaman sa mga nababasa o napapanood sa Internet, napag-uusapan kasama ang mga kaibigan at kaklase, at nagiging bahagi ng talakayan sa kolehiyo.

Dagdag pa, 95% ng respondanteng mag-aaral na may karelasyon sa opposite sex ang gumagamit ng contraceptives katulad ng kondom, pills, injections, at nakikipagtalik tuwing *safe days* ng babae habang umamin ang 5% sa kanila na hindi gumagamit ng naturang contraceptives sa halip, nakikipagtalik lamang sa safe days o *calendar method*. Nakatuon ang safe days o calendar method sa *menstrual cycle* ng babae sa pamamagitan ng pakikipagtalik sa mga araw na mas mababa ang pagkakataon na mabuntis ang babae at karaniwang binibilang sa kaledaryo ang cycle ng pagreregla ng babae upang maging maagap sa maaaring pagbubuntis. Nagbahagi rin ang mga respondanteng kolehiyong mag-aaral na 88% ng mga may karelasyon sa opposite sex ngunit hindi isinasagawa ang premarital sex na may sapat pa rin silang kaalaman sa pakikipagtalik bunga ng impluwensiya sa midya, pagbabahagi ng mga kaibigan at kaklase, mga paksang tinatalakay sa paaralan at may kaugnayan sa kanilang kurso katulad ng medisina. Samantala, 53% lamang na mga respondante na may karelasyon sa same-sex ang gumagamit ng proteksiyon dahil hindi na karaniwang kailangan nito ng mga may relasyon sa kapuwa babae. Mayroong gumagamit sa kanila ng pills ngunit ang mas dahilan nito ay ang pagkakaroon ng PCOS. Karaniwang ang mga bakla at *bisexual* ang gumagamit ng kondom, contraceptives, at PrEP dahil sila ang mas madaling maapektuhan ng HIV/AIDS.

Inilahad sa balitang *Inquirer* na "Teenage pregnancies: P35B annual PH loss, other costs" ang datos ng PSA na pumapangalawa ang Pilipinas na kasapi sa The Association of Southeast Asian (ASEAN) na may pinakamalaking bilang ng pagbubuntis ng tin-edyer, na 56% ng populasyon ng Pilipinas. Kung gayon,

tinatayang isa kada 10 ipinanganganak na sanggol sa Pilipinas ang ipinagbuntis ng kababaihang edad 19 na taong gulang pababa. Dagdag pa, ipinahayag ng United Nations Population Fund (UNPF) na 59.5% ng mga ama nito ang may edad 20 taong gulang pataas sa Pilipinas. Nailahad muli ng UNPF na apat kada 10 ng mga kabataang Pilipino ang walang sapat na impormasyon tungkol sa pakikipagtalik at tatlo kada 10 ng mga kabataang Pilipino ang nakukuha lamang nila ang kanilang impormasyon patungkol sa pakikipagtalik sa pamamagitan ng social media (Dela Peña 2023).

Gayundin, batay sa balita ng ABS-CBN news noong Mayo 18, 2024 na naglabas ng datos ang Commission on Population and Development (CPD) ng bilang ng pagbubuntis sa *adolescence*. Naitala na tumaas ng 10% na may bilang na 150,138 ng taong 2022 mula 136,302 ng taong 2021 sa edad 10 hanggang 19 na taong gulang. Ngunit ang higit na nakababahala sa CPD ang 48% pagtaas ng pagbubuntis sa mga babaeng edad 10 hanggang 14 na taong gulang na may bilang na 3,135 ng taong 2022 mula sa 2,113 ng taong 2020 (Perez). Nailahad sa press release ng Senate of the Philippines noong July 11, 2023 ang pahayag ni Win Gatchalian patungkol sa *teenage pregnancy* na, "Mahalaga ang papel ng mga paaralan upang maturuan ang mga batang kababaihan laban sa mga panganib ng maagang pagbubuntis. Kailangang tiyakin nating may akma at wastong edukasyon ang mga batang kababaihan upang mapangalagaan nila ang kanilang kalusugan at magandang kinabukasan" (Senate of the Philippines).

## Hari ng Sablay: Sino-sino ang Higit na May Pananagutan sa Sablay ng Buhay

Sa pag-uugnay ng pamagat sa paksa, maaaring makita kung sablay ba ang edukasyon para maituro nang wasto ang mga usaping itinuturing na sensitibo at sablay ba ang pamahalaan upang suportahan lahat ang kapakanan ng mga Pilipino. Napatunayan mula sa mga naging tugon sa sarbey ng mga piling kolehiyong mag-aaral na mas malay sila sa usapin ng pakikipagtalik at mga gampanin na kailangang gawin upang maiwasan ang hindi inaasahan na pagbubuntis sa murang edad at iba pang sakit na nakukuha sa hindi ligtas na pakikipagtalik.

Naniniwala ang 89.83% na respondanteng kolehiyong mag-aaral na marapat nang isabatas ang Sex Education sa Pilipinas dahil magiging unang solusyon ito sa tumataas na populasyon ng Pilipinas bunga na rin ng kawalan ng *family planning* at maagang pagbubuntis. Paglilinaw pa ng ilan, hindi inuudyukan ang pagsang-ayon sa pagsasabatas na makipagtalik sa murang edad sa halip, tinutugunan lamang raw ng wastong kamalayan ang kuryosidad ng isang tao at hindi lamang umaasa sa social media para makakuha ng impormasyon at matuto sa mga kaalaman at karanasan ng mga kaibigan at malalapit na kakilala. Malaki raw ang gampanin ng pamahalaan sa usapin na ito dahil sila ang mamumuno sa tamang proseso upang maituro ito nang maayos sa paaralan. Kung gayon, nakikita ng mga respondante na dapat may malinaw na agenda katulad ng komprehensibong kurikulum at mga guro na may sapat na kabihasaan upang talakayin ang Sex Education nang malalim at makabuluhan.

Dagdag pa na paliwanag ng mga respondante, marapat na ituro raw ito sa kinder batay sa paraan na gumagamit ng mga libro na magiging pundasyon ng kaalaman sa pamamagitan ng malikhaing estilo ng pagtuturo na hindi bastos ang salitang 'titi' at 'puke.' Bilang karagdagang paglilinaw ng mananaliksik, layunin na maturuan ang isang bata na malaman na sila lamang ang nag-aalaga sa kanilang maseselang bahagi ng katawan at hindi maaaring hawakan ninuman ang anumang bahagi ng kanilang katawan. Matutukoy sa murang edad ang mga pang-aabuso na karaniwang hindi napapansin dahil sa kawalan ng sapat na kaalaman. Dagdag pa ng mananaliksik, marapat na nakikiangkop ang estilo ng pagtuturo habang tumataas ang baitang ng pag-aaral upang mas maging makabuluhan ang kaalaman at hindi iisipin na bulgar at bastos ang mga usapin na ito. Maiiwasan nito ang pagroromantisa sa usapin ng sex at maging responsableng mamamayan na kayang alagaan ang sariling katawan. Makatutulong din ito upang masolusyunan ang lumalalang suliranin katulad ng HIV/AIDS at teenage pregnancy at bigyan ng sapat na kaalaman sa paggamit ng contraceptives.

Samantala, naibahagi ng 6.8% na respondanteng kolehiyong mag-aaral na hindi sila sumasang-ayon na isabatas ang Sex Education dahil maaari raw magbunga ang pagpapatupad nito ng mas lumalalang problema bunga ng kakulangan ng dalubhasang guro at pagtatalaga ng eksperto na magtuturo ng tamang proseso sa implementasyon nito. Ikinababahala rin nila na maaaring maging sanhi ng *harassment* sa paaralan dahil sa pang-aabuso sa pagpapatupad nito at may ilang guro raw mismo ang hindi sang-ayon sa pagpapatupad nito kaya maaaring makaapekto sa estilo ng pagtuturo. Sa kabila ng magkakaibang pananaw

ng mga respondante, nasipat na may iisang kabuuang hangarin na makapagbigay ng komprehensibong impormasyon at malawak na pag-unawa sa mga itinuturing na sensitibo at mga bulgar na usapin.

Bilang pagpapatuloy, ipinaglalaban din na magkaroon ng Sex Education sa Pilipinas dahil sa nagbabagong paraan ng pamumuhay na mas nagiging tanggap ang kamalayan tungkol sa usapin ng pagtatalik at iba pang salik na may kaugnayan dito. Gayundin, malaki ang impluwensiyang nakukuha sa ibang bansa na mas liberal at progresibo ang pananaw tungkol sa Sex Education. Patunay na rito ang balita ng *CNN Philippines* tungkol kay Abegail Abregana na 22 taong gulang dahil kailangan niyang malaman ang malawak na perspektiba sa usaping sex kaya nagsaliksik pa siya sa *YouTube*. Nakatulong ito noong panahon ng kahigpitan ng pandemya dahil ang online platform ang nagiging guro na rin ng karamihan at mayroong nahahanap na maayos na mga artikulo, babasahin, o anumang bidyo. Napansin ni Abregana na nakatuon ang karamihan sa mga nakukuha niyang impormasyon sa dayuhang kultura at pananaw at dahil dito, hindi sapat ang kaalaman na kaniyang nalaman upang magpakita sa realidad ng pamumuhay ng mga Pilipino (Joven).

Dagdag pa sa nasabing balita, naipahayag ng mga tagapagsulong ng Comprehensive Sexuality Education o CSE na nakabatay pa rin ang kasalukuyang kurikulum ng gobyerno sa konserbatibong pananaw tungkol sa Sex Education. Sa katunayan, mas nakatuon daw dapat sa positibong *sexuality framework* na ituturo ang sex bilang natural at maayos na bahagi ng buhay, sa halip na tingnan ito bilang nakahihiyang usapin ng tao. Paliwanag ni Jona Turalde, Vice Chairperon of the Guiding Group of SheDecides and Nominations and Governance Committee Member of the International Planned Parenthood Federation na, "For us, norm change is essential as to how young people should view their sexual lives and love lives and not being boxed in [by] this idea of "courting, dating then marriage" (Joven).

Bunga nito, nailahad sa babasahin na pinamagatang "Progress on Abortion Rights in the Philippines" na nagiging sanhi ng iba pang suliranin sa bansa ang hindi agapang pagtugon sa usapin tungkol sa sex. Katulad na lamang ang pagkakaroon ng anak sa murang edad na nagiging matinding balakid sa mga batang magulang na harapin ang responsabilidad na wala pang sapat na sariling pinansiyal na kakayahan at hindi pa lubusang nahuhubog ang emosyonal na aspekto sa pagpapalaki ng bata. Batay pa rin sa babasahin, noong Enero 30, 2023 ay nagpahayag sa kauna-unahang pagkakataon ang Philippine Human Rights Commission (PCHR) ng pagsuporta na hindi isang kriminal o labag sa karapatang pantao ang pagkakaroon ng aborsiyon sa Pilipinas. Nagpahayag din ang dalawa sa United Nations treaty bodies sa Pilipinas na dapat tutukan ang kaalaman ng bansa sa sexual reproductive rights (SRHR), katulad ng aborsiyon (Progress on Abortion Rights in the Philippines). Subalit, hindi pa rin naipatutupad ang aborsiyon sa Pilipinas dahil sa malaking impluwensiya ng Katolikong simbahan. Nagpaliwanag ang Center for Reproductive Rights na may ilang kababaihan na kailangan ibuwis ang buhay para sa hindi ligtas na aborsiyon o delikadong pagpapalaglag dahil sa mga tagong lugar ng pagsasagawa nito sa Pilipinas. Maaaring makulong hanggang anim na taon ang mga *physician* at *midwives* na nagsasagawa ng aborsiyon sa Pilipinas kahit pa may pahintulot ito ng buntis na nais ng aborsiyon (Center for Reproductive Rights).

Sa katunayan, naniniwala na 'Your body, your choice, your rule' ang 85.60% na kolehiyong mag-aaral na sumagot sa sarbey dahil sumasang-ayon sila sa legal at ligtas na aborsiyon sa Pilipinas. Mas pinahahalagahan nila ang pagkakataon na may *life and death* na estado ng pagbubuntis ang babae dahil kailangang mamili ng buhay sa pagitan ng ina at ng anak. Gayundin, lubos silang naniniwala na malayang ipalalag ng isang babae ang kaniyang ipinagbubuntis kapag bunga ng pang-aabuso at panggagahasa dahil malaki raw ang posibilidad na maipasa sa sanggol ang trauma ng biktima at magdulot din ng masalimuot na buhay paglaki ng isang bata. Dagdag pa nila, malayang maging konserbatibo ang mga Pilipino ngunit hindi raw sa tradisyonal na pananaw dahil dapat isaalang-alang din ang mga sosyolohikal, emosyonal, at pisikal na aspekto sa halip na laging nakatuon sa espiritwal lamang. Sa kabila nito, may masamang epekto ang palagiang pagpapalaglag ng isang babae at kung gayon, hindi dapat maging dahilan ang aborsiyon upang iwasan ang responsabilidad at kaalaman sa ligtas na pakikipagtalik. Sa katunayan, naniniwala ang 2.5% na mag-aaral sa kolehiyo na hindi sumasang-ayon sa pagpapatupad ng aborsiyon sa Pilipinas na marapat na magtuon na lamang sa pagbibigay ng impormasyon at paghihikayat na gumamit ng mga contraceptive.

Sa kabuuan, wala pang tiyak na pagsulong sa senado ng aborsiyon ngunit kailangang laging maging responsable sa pakikipagtalik at maging malawak

ang kaisipan sa mga dahilan ng isang babae sa pagpapalaglag. Maaaring isa sa mga dahilan nito ang hindi pagnanais na magkaroon ng anak ng parehong kasarian. Tinatayang 86.44% ng respondanteng piling kolehiyong mag-aaral na tanggap nila ang kaisipan na hindi nais ng babae na magkaroon ng anak at ang *vasectomy* sa kalalakihan. Sa Pilipinas, No-Scalpel Vasectomy o NSV ang karaniwang operasyon na gumagamit lang ng karayom para tusukin ang balat ng bayag upang putulin, itali o harangan ang *vas deferens* para hindi makabuntis ng babae (Health Pilipinas). Isang ligtas at epektibong paraan ng *male contraception* ang vasectomy ngunit 1% lamang sa Pilipinas ang nagsasagawa ng proseso dahil sa paniniwala na masama ito sa kalusugan, nakababawas ng seksuwal na interes sa pakikipagtalik, o iba pang pananaw tungkol sa pagbaba ng pagkalalaki kapag nagsagawa ng proseso (Abalos 1). Maaari itong permanenteng *birth control* na hindi lamang babae ang laging gumagawa ng paraan upang maiwasan ang pagbubuntis.

Paliwanag ng mga respondanteng kolehiyong mag-aaral na sumang-ayon sa sarbey na hindi nais magkaanak na napakahirap at napakamasalimuot daw ng mundo ngayon kaya may ilang pipiliin na hindi na lamang magkaanak. Iniiwasan na raw dapat ang bersikulo sa Bibliya na, 'Humayo kayo at magpakarami' dahil hindi lamang magpapalaki ng isang anak o bata sa halip, isang taong magiging bahagi raw ng mundong ito. Gayundin, hindi raw makababawas sa pagkatao, higit na sa mga lalaking nais magpa-vasectomy ang pagtanggi sa pagkakaroon ng anak. Sa kabuuan, marapat daw pag-usapan pa rin ng magkasintahan o mag-asawa ang pagpaplano na magkaanak dahil kailangang matiyak ng parehong panig na handa sa tatahaking bagong yugto ng buhay at magsakripisyo sa iba't ibang aspekto katulad ng karera sa buhay. Naniniwala rin sila na hindi dapat ginagawang *retirement plan* at asahan na aalagaan sila pagtanda ng mga anak.

Sa pagkakaroon ng pamilya, kailangang handa ang mag-asawa sa pinansiyal, emosyonal, at sosyolohikal na aspekto upang mabigyan ng ligtas, payapa, at magandang buhay ang mga anak. Ngunit, mayroong tampuhan na maaaring maging bunga ng madalas na pag-aaway sa tahanan kaya minsan humahantong ito sa paghihiwalay ng mag-asawa. Ang mga anak ang unang apektado ng hindi pagkakasundo ng kanilang magulang dahil maaaring maapektuhan ang kanilang kalagayang emosyonal at ipinakikitang pag-uugali sa lipunan. Bunga nito, sumasang-ayon ang 77.12% na sumagot sa datos na kolehiyong mag-aaral na kailangang isulong ang diborsiyo sa Pilipinas. Marapat daw na lumabas sa tradisyonal na paniniwala na dapat buo ang isang pamilya dahil mas nagdudulot pa ng pangmatagalang epekto sa pananaw ng isang tao tungkol sa pag-ibig o pagpapamilya. Hindi raw pinipilit na magsama ang mag-asawa kahit hindi na masaya at naapektuhan na ang kalagayan ng buong pamilya. Paliwanag pa nila na tanggapin ang ideya na may ilan mang nagsimula sa masaya at masaganang pag-aasawa ngunit sa huli kailangang maghiwalay ng landas. Bunga nito, naniniwala ang ilan na nagiging salik din ng pananakit sa pisikal at mental na kalagayan ang pagpilit na pagsasama ng mag-asawa katulad ng panloloko, pang-aabuso, at karahasan sa loob ng tahanan. Gayundin, may ilang respondante na produkto ng *broken family* at hindi pa rin lubusang malaya ang mga magulang dahil tanging *annulment* lamang ang mayroon sa bansa na maituturing na para lamang sa mga may sapat na pera dahil sa mahaba at magastos na proseso nito.

Naniniwala ang mga respondante na kailangang magsimula muli bilang indibidwal ang mag-asawa upang mas mabigyan nila ng positibong kinabukasan ang bawat isa o kung may anak man, sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataon na magmahal muli o mag-iwan ng kani-kanilang pagkatuto sa karanasan. Sa katunayan, sa pagsipat ng mananaliksik ay hindi lamang kakulangan ng suporta ng pamahalaan upang isulong nang malaya ang diborsiyo gayundin, ang impluwensiya ng simbahan sa paksang ito. Bukod sa Vatican, ang Pilipinas na lamang sa buong mundo ang hindi legal ang diborsiyo dahil na rin sa pagturing bilang Katolikong bansa (France-Presse). Labag sa paniniwala at turo ng simbahang Katoliko ang diborsiyo dahil na rin sa sagradong pagtingin sa pag-aasawa. Sa kabila nito, mayroong pagkakataon na hindi nagiging matiwasay ang pagsasama ng mag-asawa na maaaring dahil sa pananakit, panloloko, at kawalan ng suporta. Bagama't mayroong annulment sa Pilipinas ngunit hindi ito abot-kamay ng mga karaniwang Pilipino dahil sa kamahalan at karaniwang nagtatagal nang mahabang panahon bago mapawalang bisa ang kasal sa korte.

Noong Abril 18, 2023, naglabas ng press release ang Senate of the Philippines batay sa babasahin na "Hontiveros pushes anew for passage of Divorce Bill, says abused women need it." Ani Hontiveros,

"Bigyan na natin ang ating mga kababaihan ng pagkakataong makalaya sa masalimuot at abusadong pagsasama. Bigyan natin sila ng oportunidad na mahalin at magmahal muli. Ipasa na ang Divorce Bill." Pinagtuunan din sa press release na isinusulong ang batas para maprotektahan ang mga anak laban sa *anxiety* at trauma na dulot ng hindi pagkakasundo at pag-aaway ng kanilang magulang. Huling paglilinaw pa ng senador, hindi dapat ikatuwa ng bansa na tayo na lamang bukod sa Vatican ang walang diborsiyo dahil mas nagpapatunay lamang ito na napag-iiwanan tayo upang tugunan ang pangangailangan at pagpapahalaga sa kalagayan ng mga Pilipino (Senate of the Philippines).

### Inuman Na!: Kampay Para Sumaya, Makalimot, at Umiyak

Hango sa isang popular na kanta ng bandang Parokya ni Edgar ang mga katagang, 'tama na yan, inuman na!' na nagpapahayag na ang mga magkakabarkada ay magkakatuwaan na at may inuman pa (Javier 48). Sinabi sa liriko ng kanta na may "nanghihingi ng yosi, magjo-joke sabay kampay, kuwentuhan at tawanan, kahit amats na minsan tuloy-tuloy lang ang inuman" na maaaring iugnay sa Generation Z dahil ipinagbabawal man bumili ng alak ang 18 taong gulang pababa ngunit kapansin-pansin ang pagiging maalam ng kabataan sa karanasan ng pag-inom. Nasipat sa pag-aaral na bahagi sa kulturang Pilipino ang palagiang pag-inom ng alak: 45.5% ang nagsabi na umiinom sila ng alak para makipag-ugnayan sa iba, 23.8% naman ang nagsabi na umiinom sila upang mawala ang *stress* at ang bigat ng nararamdaman, at 17.5% ang nagsabi na umiinom sila upang maging masaya at makaramdam ng kagaanan sa buhay (Mejia). Hindi maituturing na mali ang pag-inom ng alak ng mga tao kung paraan ito ng kanilang libangan at pagtakas sa realidad ng buhay ngunit nakasasama ang lahat ng labis kaya kinakailangan pa rin ng mga tao na magkaroon ng limitasyon upang hindi magdulot ng adiksiyon ang alak.

Sa katunayan, masasabi na marami nang adiksiyon na puwedeng maranasan ng tao bukod sa pag-inom at paninigarilyo. Nakapagbibigay rin ng masamang epekto ang labis na pagkokompyuter na malaking salik ang paggamit ng Internet at paglalaro ng *video games*. Mas bata ang edad at mas komportable ang isang tao sa makabagong teknolohiya, mas malaki ang posibilidad na makaramdam sila ng adiksiyon sa Internet (O'Neil). Itinuturing na 'digital natives' ang Generation Z, kung gayon, kahit na malaki ang ambag ng teknolohiya at Internet sa buhay nila ay nagiging sanhi din ito ng adiksiyon.

Narito ang datos ng mga respondanteng kolehiyong mag-aaral na nagsabi ng kanilang bisyo o bahagi ng libangan at pagpapakalma sa buhay: 33.05% ang alak, 11.02 ang yosi/*vape*, 0 droga, 34.75% ang video games, 77.97% ang Internet habang nagbahagi ang 15.25% ng wala sa nabanggit at 5.08% na *sober* na sila sa alak o yosi/vape. Ibinahagi ng mga respondante na umiinom ng alak at nagyoyosi/vape na nakatutulong ang mga ito upang pakalmahin sila sa mga problemang nagpapabigat. Mas naglalabas daw ng totoong nararamdaman tuwing nakakainom ng alak dahil mas mahirap sabihin kapag ordinaryong araw lamang. Dahil dito, may ilan sa kanila na umiinom kapag sawi sa pag-ibig para mas maiiyak ang nararamdaman. Higit na bilang isang kolehiyo na nais lamang nilang maging masaya habang nag-aaral at ibalanse ang buhay para wala silang pagsisihan na hindi nila ginawa ang mga ito. Malay naman sila na karaniwang nakararamdam sila ng pagsisisi matapos malasing, higit na sa paggising kinabukasan. Sa katunayan, nasabi rin na panandaliang saya lamang ang alak dahil muling mararamdaman ang pait at kirot ng buhay.

May ilan na nais tuwing may okasyon uminom o pumunta sa bar upang disiplinahin na ang sarili kahit tin-edyer pa lamang sa maaaring epekto ng palagiang pag-inom. Samantala, marami sa kanila ang hindi naninigarilyo o nagve-vape dahil mas naniniwala sila na matindi ang epekto nito at iniiwasan ang posibilidad na magkasakit sa baga. May ilan na sumagot na sober na sila dahil naging sanhi ang alak at sigarilyo o vape upang magkaroon sila ng depresyon. May ayaw ring matulad sa pamilya na nagkasakit kaya iniiwasan ang bisyo katulad ng paninigarilyo. Gayundin, may nagmula rin sa isang estrikto at relihiyosong pamilya kaya disiplinado sila na iwasang gawin ang bisyo. Bahagi ng pakikisama sa barkada ang pag-inom ngunit dapat marunong daw kontrolin ang sarili at mainam na ang kabarkada rin ang pumipigil sa labis na pagbibisyo.

Minabuti ng ilan sa kanila na magkaroon ng ibang hilig katulad ng pagpunta sa gym para mas masanay na disiplinahin ang katawan at manatili na lamang sa kanilang bahay at huwag masyadong lumabas kasama ang barkada dahil aminado rin sila na nakauubos ng pera ang palagiang pag-inom. Sa kasamaang palad, nagkakaroon sila ng ibang adiksiyon katulad ng

paggamit ng Internet at paglalaro ng video games. Marami ang sumagot sa kanila na halos buong araw silang gumagamit ng Internet na isang dahilan ang kakapanood ng *memes* at *reels*. May ilang pabirong sumagot na tumitigil lamang sila kapag tulog ngunit bukod dito hindi mawawala sa buhay nila ang Internet kahit mabagal minsan ang *data.* May ilan ding umamin na ang video games ang naging bisyo o dagdag sa naging bisyo dahil hindi nila namamalayan ang bilis ng oras habang naglalaro.

Hindi man lahat kontrolado ng Generation Z ang mga nangyayaring pagsubok sa buhay at maraming temptasyon na mahirap labanan ngunit ang mga *bonding* nilang barkada ang isa sa mahahalagang tagpo ng kanilang buhay-kolehiyo. Sa katunayan, nailahad ng mga respondanteng kolehiyong mag-aaral na sumagot sa sarbey ang iba't ibang libangan nila kasama ang kaklase o kaibigan katulad ng mga inuman at pagpunta sa bar, bilyaran, kumain at uminom kagaya sa coffee shops, mag-mall para manood ng sine at mag-Timezone, pumunta sa museo o iba pang historikal na lugar o parke, pumunta sa dorm o condo ng barkada, mag-gym, mag-bike o mag-volleyball*,* at mag-video call o *Discord.* May pagkakataon na nais rin nilang matagal magkakasama kaya namamasyal nang mas malayo katulad ng roadtrip, rides, outing, out of town, at staycation. Hindi rin mawawala sa bawat kainan at puntahan nila ang kuwentuhan at tsismisan ng mga magbabarkada ngunit may pagkakataon na naglalabas sila ng problema sa buhay na maaaring tungkol sa pamilya o hinaing sa kanilang pag-aaral. Bahagi na rin sa buhay ng mga magbabarkada ang paggamit ng selpon upang mag-TikTok, mag-selfie*,* mag-scroll*,* mag-video call/games, at makinig ng musika.

## Minsan Tayo ay Naging Tunay na Magkaibigan: Kahalagahan at Gampanin ng Barkada sa Estado ng Buhay ng mga Generation Z

Pakiramdam ng kabataan, lalabintaunin, kolehiyong mag-aaral, at Generation Z na **'**Minsan ay parang wala nang bukas sa buhay natin' tuwing kasama ang kanilang kaibigan, tropa, at kabarkada dahil mas nagkakasama at mas nagkakakilanlan ang bawat isa sa kasalukuyang yugto na ito ng buhay nila. Nakatutulong din sa kanila ang teknolohiya gamit ang social media upang madali ang komunikasyon kahit na nasa sariling mga tahanan ang bawat isa*.* May pagkakataon din na itinuturing na pamilya ang samahan na nabuo o kaya pinakamalapit na kaibigan ang kanilang kasintahan.

Batay sa AXA Study of Mind Health and Wellbeing 2023, mas nakararamdam ng paghihirap sa trabaho ang mga Generation Z, partikular sa bansang Pilipinas. Dagdag pa sa datos, mas lumalaki ang bilang ng mga Pilipino na mula sa edad 18 hanggang 24 na taong gulang ang nakararanas ng depression at anxiety. Tinatayang 35% ng Gen Z sa Pilipinas ang nakararanas ng depresyon kung ihahambing sa 27% ng Gen Z sa buong mundo habang 16% naman ang nakararanas ng anxiety sa Pilipinas kung ihahambing sa 12% sa buong mundo (Ichimura 2023). Naipakita rin na matindi ang dulot ng pandemyang Covid-19 upang mas makaramdam ng depresyon ang Generation Z dahil sa kawalan ng katiyakan ng kinabukasan ng bawat indibidwal. Bunga nito, nakaapekto ang ganitong kaisipan sa kanilang mga tinatahak na trabaho o ang pagpokus ng ilan sa kanilang pag-aaral. Narito ang pagkasunod-sunod ng pangunahing depresyon sa buong mundo: 90% ang anxiety, 78% ang depresyon, 27% ang *attention-deficit/hyperactivity disorder* o ADHD, 20% ang *post-traumatic stress disorder* o PTSD, 17% ang o*bsessive-compulsive disorder* o OCD, 14% ang *eating disorder*, 12% ang *insomnia*, 8% ang *bipolar disorder,* 7% ang *borderline personality disorder*, at 6% *addiction and substance abuse* (State of Gen Z Mental Health).

May ilang Generation Z ang kinakailangan pang dumalo sa *counseling* o *therapy* upang masolusyunan ang depresyon na kanilang nararanasan. May ilan na minarapat munang lumapit sa pinakamatalik na kaibigan bago humingi ng pormal na tulong sa isang dalubhasang doktor. Bilang pag-uugnay, naibahagi ng mga kolehiyong mag-aaral na sumagot sa sarbey ang salik kung kanino sila pinakakomportableng magbahagi ng kanilang personal na estado ng buhay. Karaniwan, 93.22% ang unang lumalapit sa kanilang kaibigan at 52.54% ang sa kanilang karelasyon samantala, 25.42% lamang ang komportable magbahagi sa kanilang pamilya. Paliwanag ng mga respondante, sa mga kaibigan o kaklase raw sila madalas nagsasabi ng problema dahil nakatutulong na magkakaedad sila at halos araw-araw magkakasama. Napagtanto nila habang nagsasabi sa kabarkada na halos magkatutulad lamang sila ng nararanasan kaya walang panghuhusga at inuunawa ang kakulangan ng bawat isa. May pakiramdaman sila na ligtas ang kanilang pagkatao kaya mas naipahahayag ang sarili at dahil dito may

pagkakataon na mas kilala pa sila ng kanilang kaibigan. Naniniwala sila na hindi naman maituturing na konsintidor ang samahang nabuo basta may limitasyon pa rin at hindi mawawala ang pasensiya kung may pagkukulang. May ilang nagbahagi na bunga rin na single ang estado ng relasyon kaya sa kaibigan mas komportableng magbahagi ng sariling damdamin. Samantala, may ilan na hindi lamang simpleng karelasyon ang turing sa kasintahan sa halip, isang matalik na kaibigan kaya iba ang lalim ng pagkakaroon nito dahil pinipili pa rin ang taong minamahal upang unawain at pahalagahan. May ilan din na nakaranas ng pagtatraydor kaya mas pinili na magbahagi sa karelasyon at sa pamilya. Isa o dalawang miyembro lamang sa pamilya ang komportable silang sabihin ang problema. Sa kabilang banda, may limitasyon pa rin ang kanilang pagbabahagi sa pamilya sapagkat hindi napag-uusapan ang mga paksa katulad ng kanilang pananaw sa diborsiyo at aborsiyon, mga gimik nila kasama ang kabigan, at ang kaalaman at karanasan nila sa pakikipagtalik higit na ang mga pamilyang relihiyoso at konserbatibo.

Bilang pagpapatuloy, mas komportable pa rin ang mga respondante na magbahagi ng personal na damdamin sa kaibigan dahil walang limitasyon ang mga paksa ng usapan. Pakiramdam kasi nila na hindi napahahalagahan ng pamilya ang kanilang damdamin at hindi *open-minded* sa mga isyung kanilang kinakaharap dahil nababansagan sila minsan bilang maarte at sensitibo lamang. Magkakasama man daw sila sa isang tahanan ngunit hindi ramdam ang presensiya ng bawat isa. Mas nagkakaroon lamang daw ng aksiyon minsan ang magulang kapag nalaman na sinaktan o nagtangkang magpakamatay ang kanilang anak. Sa kabuuan, mas pinipili pa rin nila na kahit mabigat ang problema ngunit hanggang maaari hindi nila nais na makadagdag ng problema sa kanilang kaibigan, karelasyon, at pamilya.

Sa kabilang banda, naibahagi ng mga respondante na malaya ang magkaibang kasarian na makipagkaibigan katulad ng lalaki, babae, at ang bahagi ng LGBTQ+. Minsan pakiramdam nila na ang mga tao pa sa paligid ang nagbibigay ng malisya sa pagkakaibigan. Paglilinaw lang nila na may limitasyon pa rin na hindi maaaring ginagawa ng dalawang magkaibang kasarian, katulad na lamang ang maghawakan ng kamay, higit na ang may karelasyon. Halimbawa na lamang ng mga respondanteng babae, isang normal na gawain sa kanila na magtapikan at paluan kapag nagkakatuwaan dahil magkapareho naman sila ng kasarian o may kaibigan na kasapi ng LGBTQ+ pero may distansiya dapat ang mga lalaki kung makikisalamuha sa kanila. Hindi nila pinipili ang kanilang kaibigan batay sa kasarian sa halip ang pag-uugali, pananaw, at respetong ibinibigay sa bawat indibidwal.

Dagdag pa nila, hindi lamang basta kaibigan ang marapat na magkaroon sa tao sa halip, ang tamang *circle of friends*. Ibinahagi ng mga respondante na maituturing din daw na dapat nilang kapatid na masasandalan, nagpapasaya, nagbibigay ng payo, tamang impluwensiya upang higit na maging mabuting tao, at positibong kalakasan ang naibibigay sa kanila. Inilarawan ng ilan sa kanila ang kaibigan bilang *moral compass*, *comfort zone*, *sense of belongingness*, at *support system*. Sila raw ang nagiging tenga upang makinig at boses sa tuwing walang masabi. Sa kabila nito may mga negatibo pa ring naibibigay ang pagkakaroon ng kaibigan. Nagiging toxic din daw ang samahan kapag hindi balanse na nakapagbibigay ang bawat isa ng presensiya at pag-aaruga at kapag magkakaiba ang kanilang pananaw bilang tao. May pagkakataon din na nagiging dahilan ang kaibigan upang mas lalong malulong sa bisyo katulad ng pag-inom at paninigarilyo o pagve-vape tuwing magkukuwentuhan at magkakasamang naglalaan ng oras. Sa katunayan, may nagsabi na nakauubos din daw ng *social battery* tuwing magkakasama sila dahil sa tsismisan, kuwentuhan o anumang trip at nauubos din ang pera dahil sa palagiang bonding ng barkada.

Sa kabuuan, may ilang nagbahagi sa kanila na wala namang negatibong samahan dahil nasa tao pa rin ito na may kontrol sa takbo ng sariling buhay. Walang perpektong samahan, kaya hindi mawawala ang awayan o tampuhan ng barkada. Ibinahagi muli ng ilang respondanteng kolehiyong mag-aaral na ang karaniwan nilang awayan ay ang asaran at insensitibong biro na nagdudulot ng pagkapikon. Lagi raw mayroong hindi pagkakaunawaan dahil sa mga binitawang salita, plastikan ng ugali, at pagseselos dahil nawalan ng oras sa kanila para ilaan sa kasintahan. May pagkakataon na nakararamdam sila na hindi napahahalagahan ng kaibigan dahil sa kakulangan ng oras ngunit kailangan nilang unawain na marahil siguro walang pera, wala munang enerhiya upang makipag-socialize, at maraming gawain o personal na balakid sa buhay. Gayundin, nagiging sanhi rin ng awayan ang pangkatang gawain sa paaralan dahil hindi pantay ang naitulong ng bawat isa at nagkakainitan kapag

maraming deadline na kailangan gawin kaya pagod ang bawat isa na unawain ang isa't isa. Sa kabila nito, kahit nagkakatampuhan o nagkakasamaan ng loob dahil sa magkakaibang ugali, tanggap nila na hindi nila kontrol ang aksiyon ng bawat isa. Marapat na tanggapin at itama kung kinakailangan ngunit hindi ibig sabihin na susuko sa pagsasamahang nabuo.

### Nais kong Sabihin na Salamat: Pagmulat sa Usaping Sex, Bisyo, Barkada

'Maubos man ang tinig, 'di magsisisi…Salamat' para sa mga taong kasamang lumuha, naging sandalaan sa panahon ng pangangailangan, at umagapay sa bawat yugto ng buhay. Kung gayon, sinipat sa bahaging ito kung sino at ano ang naging dahilan upang mamulat o maranasan ng Generation Z ang mga paksang nailahad. Ibinahagi ng mga respondanteng kolehiyong mag-aaral ang mga naging salik ng kanilang kamalayan sa mga usapin at pagbabahagi ng pananaw batay sa mga sumusunod: 77.12% ang kaibigan/kaklase, 73.73% ang modernong panahon, 73.73% ang social media, 71.19% ang obserbasyon o kapaligiran, 46.61% ang *family upbringing,* at 45.76% ang epekto ng Pilipinong kultura. Nasipat na magkaugnay naman halos ang mga naisagot nila sa unang bahagi ng papel dahil mas komportable at malaya silang nakapagpapahayag ng damdamin sa mga kaibigan at kaklase kaya ito ang pinakamalaking porsiyento. Natiyak pa rin na mailap pag-usapan sa pamilya ang mga paksa dahil madalang silang magsabi ng nararamdaman upang hindi mahusgahan o naging salik din ang kinalakhang kaugaliang Pilipino kaya maituturing na *taboo* ang mga tanong na inihanda ng mananaliksik. Samantala, hindi mawawala ang epekto ng modernong panahon na maaaring may koneksiyon sa social media at obserbasyon sa kapaligiran kaya ito ang gitnang may impluwensiya sa inilahad na mga usapin sa pananaliksik.

## KONGKLUSYON

Kinikilalang digital natives ang Generation Z sapagkat sila ang higit na nakinabang sa pagkakaroon ng mabilisang impormasyon at madaliang paghahanap ng kaibigan o kaiibigan sa online. Gayundin, sa lawak ng impluwensiya ng Internet kaya mas radikal ang kanilang pag-iisip at mas malaya ang kanilang pagtanggap sa progresibong pamumuhay ng indibidwal. Nakatuon ang pag-aaral na ito sa mga usaping mailap pag-usapan sa kulturang Pilipino katulad ng pakikipagtalik at paggamit ng contraceptives dahil naituturing itong bastos at bulgar. Gayundin, nasipat ang ginagawang aksiyon ng pamahalaan tungkol sa usaping diborsiyo, Sex Education, at ilan pang makatutulong sa pagbaba ng populasyon. Tinututulan pa rin ng simbahan upang isabatas at isulong ang makabagong kalagayan ng pakikipagrelasyon ngunit unti-unting na ring tinatanggap ang kaisipan katulad ng live-in arrangements, same-sex relationship, at iba pa.

Sa katunayan, nagbahagi ng opinyon at ilang karanasan ang mga respondanteng piling kolehiyong mag-aaral sa Maynila tungkol sa mga paksang sex, bisyo, barkada, at iba. Nasipat na mas progresibo ang kanilang paniniwala na hindi nakaangkla sa tradisyonal na kulturang Pilipino dahil mas nakikita nila ang mga pagkakamali ng mga naunang henerasyon na hindi pinagtuunan ng pansin ang mga nasabing paksa. Bunga nito, mas iniisip din nila ang pangmatagalang epekto ng mga isyung kinakaharap kaya naglalahad sila ng panig na hindi nakagawiang solusyon sa bansa. Bagama't may ilan pa rin sa kanila na pinahahalagahan ang turo ng simbahan at konserbatibong pagpapalaki ng pamilya ngunit may respeto at pag-unawa pa rin sila sa pagkakaiba-iba ng pananaw. Gayundin, kahit may ilan na walang sapat na karanasan sa mga paksa na pinagtuunan sa pananaliksik na ito ngunit iniiwasan nila ang diskriminasyon sa mga realidad na paksa ng lipunan kaya may ilan na nagbabahagi rin ng mga praktikal na solusyon sa problema ng bansa. Sa kabilang banda, pinagtuunan din sa pag-aaral na malaki ang gampanin ng barkada sa buhay ng mga Generation Z dahil sila ang nagiging moral compass, comfort zone, sense of belongingness, at support system. Bagama't may ilang malapit pa rin sa kanilang pamilya ngunit mga piling paksa lamang ang kanilang naibabahagi kaya karaniwang walang limitasyon ang nagiging usapan ng mga magkakaibigan. Bunga nito, nasipat na mas naging komportable ang mga respondante sa mga daloy ng paksa dahil mas natututo sila sa mga kaibigan/kaklase at ang epekto ng modernong panahon ngayon.

Sa kabuuan, nakatulong ang mga datos na nakalap mula sa sarbey upang mas makilala ang Generation Z na mas tinatanggap at mas pinahahalagahan nila ang kalagayan ng bawat indibidwal na hindi limitado sa tradisyonal na kulturang Pilipino. Nakabubuo ng sariling pagkakakilanlan ang Generation Z bunga ng paggamit ng teknolohiya dahil

dito nila nakukuha ang pangunahing impormasyon na maaaring magbigay sa kanila ng ibang pananaw sa mga usapin na dapat matagal nang binibigyang solusyon ng Pilipinas. Bagama't may ilan pa rin na pinahahalagahan ang nakaugaliang paniniwala, ngunit sa kabuuan, mas nakikita ang pagiging radikal ng pag-iisip ng mga Generation Z. Higit sa lahat, kahit napag-iiwanan ang Pilipinas na solusyonan o isabatas ang mga usapin na dapat pagtuunan kagaya ng sex, contraceptives, teenage pregnancy, diborsiyo, aborsiyon, barkada, bisyo, at iba pa, naiparating ng kanilang mga naging sagot sa sarbey ang pagiging malawak sa kaalaman at pagtanggap sa modernong pamumuhay.

## SANGGUNIAN


Abalos, Jeofrey B. "Male Involment in Family Planning in the Philippines: Who Are Willing to Undergo Vasectomy and What are the Reasons of Those Who Are Willing?", https://iussp.org/sites/default/files/event_call_for_papers/Abalos_Who%20are%20the%20men%20in%20the%20Philippines%20who%20are%20willing%20to%20undergo%20vasectomy%20and%20what%20are%20the%20reasons%20of%20those%20who%20are%20unwilling.pdf.

Calleja, Joseph Peter. "Philippine Divorce Bill Dismays Church Leaders, Youth Group." *Union of Catholic Asian News,* 6 Hulyo 2022, https://www.ucanews.com/news/philippines-divorce-bill-dismays-church-leaders-youthgroup/97923.

Chi, Cristina. "Census: More Filipino Couples Now in Live-in Arrangements." *Philstar.com*, 17 Pebrero 2023, https://www.philstar.com/headlines/2023/02/17/2245649/census-more-filipino-couples-now-live-arrangements.

De Vera, Analou, "Sex, HIV/AIDS Still Taboo Subjects in Filipino Homes." *Manila Bulletin,* 31 Marso 2019, https://mb.com.ph/2019/03/31/sex-hivaids-still-taboo-subjects-in-filipino-homes-popcom/.

Dela Peña, Kurl. "Teenage Pregnancies: P35B annual PH Loss, Other Costs." *Inquirer. Net,* 28 Pebrero 2023, https://newsinfo.inquirer.net/1736395/teenage-pregnancies-p35b-annual-ph-loss-other-costs.

France-Presse, Agence. "'We Want To Be Free': Filipinos Demand Right to Divorce." *Philstar Global*, 31 Mayo 2023, https://www.philstar.com/headlines/2023/05/31/2270455/we-want-be-free-filipinos-demand-right-divorce.

Hajenius, Julien. "Gen Z is Misunderstood by Other Generations." *Baylor Lariat News for the Students by the Students,* 14 Pebrero 2024, https://baylorlariat.com/2024/02/14/gen-z-is-misunderstood-by-other-generations/.

Ichimura, Anri. "Gen Zs in the Philippines Are Facing More Mental Health Issues Than the Rest of the World, Study Says." *Esquire Philippines,* 28 Marso 2023, https://www.esquiremag.ph/life/health-and-fitness/gen-z-philippines-mental-health-axa-a00304-20230328.

Javier, Roberto Jr. E. Bawal ba ng Sex… Ligaw… Inom… Pati Puyat? Ilang Karanasan ng Lalabintaunin na Halaw sa mga Pag-aaral ng mga Lasallian. *Malay,* tomo 21, blg. 2, 2008, mp. 43–52.

Joven, Julienne. "Do We Actually Have Sex Ed in Philippine Schools." *CNN Philippines,* 5 Nobyembre 2021, https://www.cnnphilippines.com/life/culture/Education/2021/11/5/sex-education-philippine-schools.html.

Mejia, Adrianna. "Why We Drink Beer." *Rappler Philippines*, 22 Pebrero 2018, https://www.rappler.com/brandrap/travel-and-food/196460-why-drink-beer/.

Nuncio, Rhoderick V., at Elizabeth M. Nuncio. *Sangandiwa: Araling Filipino bilang Talastasang Pangkalinangan at Lapit-Pananaliksik. Mga Sanaysay na Tinipon at Inihanda ng mga May-akda.* University of Sto. Tomas Publishing House,2004.

O'Neill, Natasha. "Study Shows Where You Fall on New Internet Addiction Spectrum." *CTV News,* 2 Oktubre 2023, https://www.ctvnews.ca/lifestyle/study-shows-where-you-fall-on-new-internet-addiction-spectrum-1.6585885.

Perez, Arra. "Why Gov't Agencies are Alarmed at Rise in Early Teen Pregnancies" *ABS CBN News,* 18 Mayo 2024, https://news.abs-cbn.com/news/2024/5/17/why-govt-agencies-are-alarmed-at-rise-in-early-teen-pregnancies-2015.

Reyes, Dempsey. "More Young Filipino are Shunning Premarital Sex, Study Finds." *Inquirer.net,* 16 Oktubre 2022, https://newsinfo.inquirer.net/1680379/more-ph-youth-shunning-premarital-sex-study-finds.

Stahl, Ashley. "How Gen-Z Is Bringing A Fresh Perspective To The World Of Work." *Forbes,* 4 Mayo 2021, https://www.forbes.com/sites/deloitte/2024/05/02/ready-or-not-global-chemical-industry-executives-may-need-to-get-prepared-for-a-resurgence-in-merger--acquisition-activity/?sh=65d2c6527cd2.

Ujano-Batangan, Maria Theresa D. "Pag-ibig (Love), Pagnanasa (Desire): Filipino Adolescents and Sexual Risks." *OpenEdition Books*, pp. 169–182, https://books.openedition.org/iheid/6353?lang=en.

"Facts on Abortion in the Philippines: Criminalization and a General Ban on Abortion." *Center For Reproductive Rights,* https://reproductiverights.org/sites/crr.civicactions.net/files/documents/pub_fac_philippines_1%2010.pdf.

"From the Baby Boomer to the Post-Millennial Generations: 50 Years of Change." *Iberdrola*, https://www.iberdrola.com/talent/generation-x-y-z.

"Gatchalian on World Population Day: Seek Sustained Drop in Teenage Pregnancies in PH." *Senate of the Philippines*, 11 Hulyo 2023, https://legacy.senate.gov.ph/press_release/2023/0711_gatchalian2.asp.

"Gatchalian: Increase HIV Awareness Among Children, Adolescents." *Senate of the Philippines*, 15 Marso 2023, https://legacy.senate.gov.ph/press_release/2023/0315_gatchalian1.asp.

"HIV Testing and Pre-exposure Prophylaxis (PrEP) in the Philippines: Where and How?" *Health Pilipinas*, 6 Oktubre 2021, https://www.healthypilipinas.ph/news-and-articles/hiv-testing-and-pre-exposure-prophylaxis-prep-in-the-philippines-where-and-how.

"Hontiveros Pushes Anew for Passage of Divorce Bill, Says Abused Women Need It." *Senate of the Philippines*, 18 Abril 2023, https://legacy.senate.gov.ph/press_release/2023/0418_hontiveros2.asp#:~:text=Senator%20Risa%20Hontiveros%20on%20Tuesday,abuse%20need%20this%20legal%20recourse.

"Know Your Birth Control: Types of Contraceptives in the Philippines." *The Beat Asia,* 5 Oktubre 2022, https://thebeat.asia/manila/ohana/family/know-your-birth-control-types-of-contraceptives-in-the-philippines.

"LIST: Celebrate 'Kulayaan' with These Pride 2023 Events, Initiatives." *Rappler Philippines*, 5 Hunyo 2023, https://www.rappler.com/nation/list-events-initiatives-activities-pride-month-2023/.

"Maslow's Hierarchy of Needs." *TechTarget Contributor,* Abril 2019, https://www.techtarget.com/whatis/definition/Maslows-hierarchy-of-needs.

"Progress on Abortion Rights in the Philippines." *Center for Reproductive Rights,* 20 Enero 2023, https://reproductiverights.org/pchr-philippine-commission-human-rights-abortion-decriminalization/.

"State of Gen Z Mental Health." *Harmony Healthcare It,* 15 Setyembre 2022, https://www.harmonyhit.com/state-of-gen-z-mental-health/.

"Types of Situationships to Watch Out For." *JustineMFULAMA*, https://www.justinemfulama.com/relationships/types-of-situationships/#:~:text=While%20both%20situationships%20and%20flings,physical%20and%20focused%20on%20fun.

"USAP TAYO SA FAMILY PLANNING." *Health Pilipinas,* 2023, https://usaptayosafp.com.ph/fp-methods/vasectomy.

"What Are the Core Characteristics of Generation Z." *The Annie E. Casey Foundation*, 16 Enero 2024, https://www.aecf.org/blog/what-are-the-core-characteristics-of-generation-z.

"What is Gen Z." *McKinsey & Company*, 20 Marso 2023, https://www.mckinsey.com/featured-insights/mckinsey-explainers/what-is-gen-z.